# Ika-Labingwalong Linggo sa Karaniwang Panahon

Isaias 55,1-3; Roma 8,35. 37-39; Mateo 14,13-21

## PANIMULA

Minsan, hiniling ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral na magdala sa klase ng isang bagay na kumakatawan sa kaligayahan. May nagdala ng bagong laruan, may nagdala ng selpon, may nagdala ng isang bigkis ng pekeng salapi mula sa isang laro. Ngunit may isang munting batang babae na nagdala ng maliit na tinapay. Nang tanungin siya ng guro kung bakit, sinabi niya, “Dahil kapag hinahati-hati ng aking ina ang tinapay sa amin sa hapag-kainan, alam kong tunay kaming magkakapatid.”

May gutom sa puso ng bawat tao na hindi kayang punan ng anumang tagumpay, ari-arian, o libangan. Naghahangad tayo hindi lamang ng pagkain at katiyakan, kundi pati na rin ng pag-ibig, kahulugan, kapatawaran, at pag-asa.

Ang mga pagbasa ngayon ay nagpapakita ng isang Diyos na nag-aanyaya, nagpapakain, at nananatiling tapat. Sa pamamagitan ni propeta Isaias, sumisigaw ang Diyos sa mga nauuhaw: "Halina!" Sa Ebanghelyo, pinakain ni Hesus ang nagugutom na karamihan nang may awa. At tinitiyak sa atin ni San Pablo na walang makapaghihiwalay sa atin sa pagmamahal ni Kristo.

Habang tayo ay nagtitipon sa paligid ng hapag ng Eukaristiya, kilalanin natin ang mga sandaling naghanap tayo ng kasiyahan sa maling lugar, ang mga sandaling nag-alinlangan tayo sa pagmamahal ng Diyos, at ang mga sandaling nabigo tayong ibahagi ang ating tinapay, oras, at habag sa iba.

## HOMILIYA

May isang manlalakbay na dumating nang gabing-gabi na sa isang maliit na baryo sa bundok, matapos maglakad nang ilang oras sa malamig na ulan. Nakasarado na ang lahat ng bahay-tuluyan. Pagod, basa, at gutom, kumatok siya sa pinto ng isang mahirap na bahay-bukid. Isang matandang babae ang nagbukas ng pinto. Kakaunti lamang ang mayroon siya: isang tinapay, kaunting sabaw na natira mula sa hapunan, at isang tuyong kumot. Gayunpaman, tinanggap niya ang estranghero na parang pamilya.

Taon pagkatapos, isinulat ng manlalakbay ang tungkol sa gabing iyon. Ang pinakanatatandaan niya ay hindi ang pagkain o ang init, kundi ang pakiramdam na, sa loob ng ilang oras, siya ay lubos na ninais, lubos na tinanggap, lubos na minahal. "Ang mahirap na babaeng iyon," ang isinulat niya, "ay nagbigay sa akin ng higit pa sa isang hapunan. Ibinalik niya sa akin ang aking lakas ng loob upang mabuhay."

Ang kuwentong iyon ay tumutukoy sa puso ng mga pagbasa ngayon. Paulit-ulit, ang Diyos ay lumalapit sa atin hindi bilang isang malayong pinuno, kundi bilang isang nag-aanyaya, nagpapakain, at nananatiling tapat. Sa pamamagitan ni Isaias, ni San Pablo, at ng himala ng mga tinapay, naririnig natin ang isang dakilang mensahe: ninanais tayo ng Diyos, pinapakain tayo ng Diyos, at walang makapaghihiwalay sa atin mula sa Kanyang pag-ibig.

Noong bata pa ako, sa bawat pista ng nayon ay may isang lalaking tinatawag na *"murang Jakob"* — sa wikang Aleman, ang *billige Jakob*. Nakatayo siya sa tabi ng maliit na tindahan sa palengke, suot ang mataas na sumbrero na may makukulay na laso, habang malakas na tumatawag sa mga tao:
"Halikayo rito, mga ginoo at ginang! Huwag lampasan! Tumigil at makinig! Hindi na ninyo makikitang muli ang alok na ito!"
Napakalakas ng kanyang sigaw kaya't napahinto ang mga tao kahit ayaw nila. Nagtipon ang mga bata. Ngumiti ang mga matatanda. Nabuo ang mga taong nag-uusisa sa paligid niya. Ginawa niyang napakaganda at napakamura ang kanyang paninda na akala mo'y libre na ito.Bumalik sa isip ko ang alaalang iyon nang basahin ko ang mga salita ni Propetang Isaias ngayon:
"Halikayo, kayong lahat na nauuhaw, halikayo sa tubig!
Kayong walang salapi, halikayo, bumili at kumain!"

Ang Diyos ay parang ang mangangalakal na iyon na nakatayo sa gitna ng palengke ng sangkatauhan, tumatawag sa mga taong abala at dumaraan sa Kanya.
Ngunit may isang napakalaking pagkakaiba.Ang nagbebenta ay naghahanap ng mamimili.Hinahangad tayo ng Diyos *mismo*.Ang nagbebenta ay naghahangad ng kita.Nais ng Diyos na magbigay ng buhay.
At mapapansin ang isang magandang bagay sa paanyaya ni Isaias. Sa una, para bang nagsasalita ang Diyos tungkol sa tinapay, alak, at gatas. Ngunit unti-unting lumalalim ang paanyaya:
"Makinig kayo sa akin, at kayo'y mabubuhay."
Hindi "Bumili at kayo'y mabubuhay."
Hindi "Magtagumpay at kayo'y mabubuhay."
Hindi "Kumita at kayo'y mabubuhay."
Kundi:
"Makinig… at kayo'y mabubuhay."

Minsan, may isang batang negosyante na nagtapat sa isang pari na taglay na niya ang lahat ng kanyang pinangarap — pera, katayuan, paglalakbay, tagumpay — ngunit tuwing gabi ng Linggo ay nakadarama siya ng kakaibang kawalan. "Patuloy akong umaakyat," aniya, "ngunit hindi ko na alam kung anong bundok ang inaakyat ko."

Ilan kaya ang taong namumuhay nang ganito ngayon?

Napakalaking halaga ng salapi ang ginugugol ng mga tao sa paghahanap ng kaligayahan. May umaakyat nang walang tigil sa hagdan ng tagumpay, hindi dahil sa kailangan nila ng mas maraming pera, kundi dahil nais nilang maramdaman na may kabuluhan sila. May naglalakbay nang paulit-ulit, hindi upang magpahinga, kundi upang masabing, "Nandoon na ako." May gumugugol ng yaman upang manatiling bata, kaakit-akit, matagumpay, at balanse ang damdamin.Gayunpaman, sa ilalim ng lahat ng gawaing ito ay nananatili ang tahimik na gutom ng puso.

Tinatanong tayo ni Isaias ngayon:

"Bakit ninyo ginugugol ang inyong salapi sa hindi nakakasiya?"

Isa ito sa mga pinakamatinding tanong sa Kasulatan.

Sapagkat sa kaibuturan, bawat tao ay nauuhaw hindi lamang sa pagkain, hindi lamang sa ginhawa, kundi sa kahulugan, katatagan, at pagmamahal na hindi nawawala.

Kaya naman labis na nakakaantig ang Ebanghelyo ngayon.

Kararating lamang kay Hesus ang kalunos-lunos na balita tungkol sa pagpaslang kay Juan Bautista. Sinikap niyang lumayo sa isang tahimik na lugar. Nagdadalamhati rin Siya. Nais Niya ng katahimikan. Pahinga. Pag-iisa.Ngunit sinundan Siya ng mga tao.

At sa halip na mainis, sinabi ng Ebanghelyo:

"Naantig Siya ng habag."

Ang linyang iyon ay nagsasabi sa atin ng lahat tungkol sa puso ni Kristo.

Karamihan sa atin ay nakararanas ng pagkapagod na emosyonal. Alam natin kung ano ang pakiramdam na wala nang maibigay pa. Tiyak na nadama iyon ng mga alagad. Sa pagtingin sa napakaraming tao, sinabi nila:

"Lima lamang ang tinapay at dalawang isda."

Sa madaling salita: "Hindi ito sapat."

At gaano kadalas nating sinasabi ang gayon ding bagay.

"Kulang ang aking lakas."

"Kulang ang aking pasensya."

"Kulang ang aking pananampalataya."

"Kulang na ang aking pag-ibig."

Ngunit sinabi ni Hesus:

"Dalhin ninyo sa akin."

Binabago nito ang lahat.

Sa kamay ng tao, hindi sapat ang limang tinapay.

Sa kamay ni Kristo, ito'y nagiging kasaganaan.

Ilang taon na ang nakalilipas, habang bumibisita sa Belgium, pumasok ako sa isang maliit na simbahan kung saan naroon ang libingan ni San Damien ng Molokai.

Kusang-loob na nagsilbi si Damien sa mga ketongin sa isla ng Molokai sa Hawaii. Sa bandang huli, nahawa rin siya ng sakit at ipinagbawal nang tuluyang umalis sa isla. Madali sana siyang naging mapait. Sa halip, lalo pa niyang ibinuhos ang kanyang sarili para sa mga naghihirap na tao sa paligid niya.

Nagtayo siya ng mga tahanan, gumamot ng sugat, naglibing ng mga patay, umaliw sa mga nag-iisa. At sa isa sa kanyang mga liham, inamin niya ang isang bagay na napakasimple: kung wala ang Eukaristiya, hindi niya matitiis ang gayong pag-iisa at pagdurusa. Ang Eukaristiya ang naging kanyang lakas.

Kaunti na lamang ang naiwan kay Damien na maibibigay. Ngunit ang kaunting iyon na inialay niya sa kamay ni Kristo na nagsilbing pagkain para sa isang buong komunidad.Katulad ng limang tinapay at dalawang isda.

Katulad ng maraming nakatagong santo sa pang-araw-araw na buhay.

May nakilala akong matandang biyuda na namumuhay nang mag-isa at patuloy na nagdurusa sa sakit. Sinabi niya sa akin, "Padre, hindi ko na kayang gumawa ng malalaking bagay. Ngunit tuwing umaga, inaalay ko ang aking kalungkutan kay Hesus para sa isang taong nakadarama ng pagkapabaya." Malamang hindi niya alam kung gaano kaningning ang naging kanyang pananampalataya. Ang kanyang pagdurusa, nang ialay sa kamay ni Kristo, ay naging pagmamahal.

Higit pang pinalalim ni San Pablo ang mensahe ngayon.

Marahil walang mga salita sa Kasulatan ang nakapag-aliw sa higit na maraming tao kaysa dito:"Walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pagmamahal ni Kristo."

Wala.

Hindi ang pagdurusa.

Hindi ang kabiguan.

Hindi ang sakit.

Hindi ang pagtataksil.

Hindi ang kasalanan.

Hindi maging ang kamatayan mismo.

Halos kinakanta ni Pablo ang mga salitang ito nang may paghanga: "Kahit kamatayan man o buhay, kahit ang mga bagay sa kasalukuyan o ang mga darating pa… walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pagmamahal ng Diyos Ama kay Kristo Hesus na ating Panginoon."

Sa isang mundong madalas nasisira ang mga pangako, ito'y kagila-gilalas.

Nangingilabot ang bawat pari kapag tinatanong ang nobyo at nobya: "Mananatili ka bang tapat sa hirap at ginhawa, sa  sakit at sa kalusugan, hanggang sa kamatayan?"

Sapagkat mahirap ang katapatan. Ang pagmamahal ng tao ay maganda, ngunit marupok.Gayunpaman, sinasabi ni San Pablo na may pagmamahal na mas matatag pa kaysa sa kamatayan.

Hindi tayo minamahal lang ng Diyos kapag tayo ay matagumpay, banal, o matatag sa damdamin. Minamahal Niya tayo dahil ang Kanyang pagmamahal ay nakaugat hindi sa ating pagiging karapat-dapat, kundi sa Kanyang katapatan.

Sinasabi ng Diyos sa pamamagitan ni Isaias:

"Gagawa ako ng walang-hanggang tipan sa inyo."

Isang walang-hanggang tipan.
Ibig sabihin, hindi gigising ang Diyos isang umaga at magpasyang huminto na sa pagmamahal sa atin. Ang Kanyang awa ay hindi panandaliang damdamin. Ang Kanyang katapatan ay hindi nagbabago.
Kahit si Haring David — makasalanan, mangangalunya, mamamatay-tao — ay hindi pinabayaan ng Diyos.At tayo man ay hindi pababayaan.
May magandang pelikulang tinatawag na ”*Babette's Feast”*.
Ikinukuwento nito ang isang mahigpit at walang saya na relihiyosong komunidad sa isang malayong nayon sa Denmark. Sa malamig na daigdig na iyon dumarating si Babette, isang babaeng nanganganlong na isang araw ay biglang nanalo ng malaking halaga ng salapi.
Sa halip na itago ito para sa sarili, ginastos niya ang lahat sa paghahanda ng isang marangyang piging para sa mga taganayon.
Sa una, nagduda sila. Ngunit habang nagpapatuloy ang hapunan, humupa ang matagal nang hinanakit. Gumaling ang mga nasugatang relasyon. Nagsimulang matunaw ang mga natigmak na puso. Sa pamamagitan ng kasaganaan ng piging, tahimik na pumasok ang biyaya sa kanilang buhay.
Iyan ang ginagawa ni Kristo.
Ang himala ng mga tinapay ay hindi lamang tungkol sa tinapay. Ito ay tungkol sa umaapaw na kabutihang-loob ng Diyos. Kay Kristo, laging higit ang awa kaysa sa ating kasalanan, higit ang pagmamahal kaysa sa ating kabiguan, higit ang buhay kaysa sa ating kamatayan.
May isang munting bata na minsang nagtanong sa kanyang lola, "Napapagod ba ang Diyos sa pagmamahal sa atin?"
Ngumiti ang lola at dinala siya sa labas nang gabing iyon. Itinuro niya ang mga bituin at sinabi, "Hangga't nagniningning ang mga ilaw na iyon sa langit, tandaan mo ito: higit na matagal na tumatagal ang pagmamahal ng Diyos."
Mga minamahal kong kapatid, malaking bahagi ng ating buhay ay ginugugol natin sa pangamba na tayo'y hindi sapat, pangamba na tayo'y pababayaan, at pangamba na ang ating kawalan ay mananatiling walang laman magpakailanman.
Ngunit ngayon, nakatayo ang Panginoon sa palengke ng mundong ito at tumatawag:
"Halina sa akin."
Halina kasama ang inyong gutom.
Halina kasama ang inyong pagkapagod.
Halina kasama ang inyong mga kabiguan.
Halina kasama ang inyong limang tinapay at dalawang isda.
At muling pakinggan ang pangako ni Kristo:
"Walang makapaghihiwalay sa iyo mula sa aking pagmamahal."
Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, WA**